BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

PARA SA AGARANG PAGLABAS: Agosto 5, 2024
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Iho-host ng Distrito ng Hangin ang serye ng Talakayan sa Malinis na Hangin kasama si Board Chair Hurt

Iniimbitahan ang publiko na magbahagi ng mga tanong at alalahanin sa kalidad ng hangin

SAN FRANCISCO – Ngayong araw, inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang serye nito ng *Talakayan sa Malinis na Hangin* na nagtatampok kay Board Chair Davina Hurt ng Distrito ng Hangin, na gagawin sa mga komunidad sa buong Bay Area.

Pagtutuunan ng mga pag-uusap ang mga alalahanin at tanong ng komunidad kaugnay ng mga isyu sa kalidad ng hangin. Tatanggapin ng Distrito ng Hangin ang lahat ng opinyon, tanong, at komento kaugnay ng lokal na kalidad ng hangin at mga epekto ng pagbabago ng klima. Ang mga komento ng publiko at alalahanin mula sa bawat isa sa mga event ng *Talakayan sa Malinis na Hangin* ay ibabahagi sa Lupon ng mga Direktor na may 24 na miyembro ng Distrito ng Hangin sa kanilang mga buwanang pulong.

"Marami sa trabaho ng Distrito ng Hangin ang nakatuon sa kalidad ng hangin sa buong siyam-na-county ng Bay Area," sabi ni Board Chair Davina Hurt ng Distrito ng Hangin. "Gusto kong marinig ang mga opinyon o alalahanin ng mga lokal na komunidad tungkol sa kalidad ng hangin sa kanilang mga komunidad at kung paano iyon nakakaapekto sa kanila para matulungan ang ating Lupon na gumawa ng mga optimal na desisyon sa mahuhusay na programa sa kalidad ng hangin."

Kasama sa mga kasalukuyang nakaiskedyul na event ng *Talakayan sa Malinis na Hangin* ang:

- **San Carlos, Agosto 10, 12 ng tanghali – 1 p.m.** sa San Carlos Public Library, Community Room A at B, 610 Elm St, San Carlos, CA 94070
- **San Jose, Setyembre 7, 12 ng tanghali – 1 p.m**. sa Alum Rock Public Library, Alum Rock Community Room, 3090 Alum Rock Ave, San Jose, CA 95127
- **Vallejo, Oktubre 5, 12 ng tanghali – 1 p.m.** sa Vallejo Public Library, 505 Santa Clara Street, Vallejo, CA 95590
- **East Palo Alto, Nobyembre 2, 12 ng tanghali – 1 p.m.** sa East Palo Alto Community Room, 2415 University Avenue, East Palo Alto, CA 94303
- **San Lorenzo, Disyembre 7, 12 ng tanghali – 1 p.m.** sa San Lorenzo Library, Greenhouse Community Room, 395 Paseo Grande, San Lorenzo, CA 94580

Bukod sa paglilingkod bilang Board Chair ng Distrito ng Hangin, si Hurt ay miyembro din ng Lupon ng Lupon sa mga Tagapangasiwa sa Hangin ng California (California Air Resources Board, CARB), Vice Chair ng Komisyon sa Malinis na Hangin ng Silicon Valley, at miyembro ng konseho at dating alkalde ng Lungsod ng Belmont.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X/Twitter, Facebook, Instagram at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*